CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 18, 2021

Kontak: Rick de la Torre, Community Information Officer, Long Beach Development Services Department, 562.570.7174, Rick.Delatorre@longbeach.gov

Para Sa Agarang Paglabas

Ang Long Beach Permit Center sa City Hall ay Nagsisimula ng Limitadong mga Serbisyong Pang-Tao para sa mga Kustomer

Long Beach, CA - Ang Departamento ng Long Beach Permit Center na matatagpuan sa Ikalawang Palapag ng City Hall ay bukas para sa limitadong mga serbisyo sa tao sa pamamagitan ng apoyntment lamang para sa mga Mabilisang Permit na nauugnay sa mga menor na proyekto sa konstruksyon. Maaaring mag-iskedyul ng mga apoyntment sa parehong araw kapag abeylabol (ang mga walk-in ay hindi pinapayagan).

"Ang limitado at ligtas na muling pagbubukas ng aming Permit Center ay isa pang positibong hakbang na ginagawa namin habang patuloy na nabawasan ang pagkalat ng COVID-19," sabi ni Alkalde Robert Garcia. "Alam namin na ang aming mga kustomer na kumukuha ng permit, kasama ang mga may-ari ng bahay at kontratista, ay naghihintay ng pagkakataong personal na magsimula o magpatuloy na magtrabaho sa kanilang iba't ibang mga proyekto at ang limitadong pagbubukas na ito ay gagawing isang katotohanan."

Ang mga apoyntment na personal ay maaaring mai-iskedyul mula Lunes hanggang Biyernes mula ala 1:00 ng hapon hanggang alas 3:30 ng hapon. Para sa detalyadong impormasyon at upang mag-book ng isang apoyntment, bisitahin ang: longbeach.gov/permits.

Ang mga Parokyano ng Permit Center ay dapat magkaroon ng kamalayan sa mga sumusunod na kasalukuyang alituntunin at pamamaraan:

Ang mga may apoyntment na pumapasok sa City Hall ay dapat magsuot ng takip sa mukha at sumunod sa iba pang mga alituntunin sa kaligtasan ng COVID-19 kabilang ang mga paghihigpit sa pananatili.

- Ang lahat ng mga may apoynment ay para sa mga menor na proyekto sa pagtatayo ng kwalipikado para sa isang Mabilisang Permit. Kasama sa mga halimbawa ang mga pagpapalit ng mga water heater, serbisyo sa elektrisidad o mga pag-upgrade sa mga gamit para sa heating o pagpapalit ng mga bintana at pagpapalit ng mga bubong. Tingnan ang Buletin ng Impormasyon. IB-058 Express Permit Service para sa isang listahan ng mga menor na proyekto para sa mga serbisyong ito.
- Dapat maging handa ang mga kustomer na magsumite ng lahat ng naaangkop na mga materyales tulad ng mga digital na PDF na file sa isang USB na aparato.
- Ang mga serbisyong online ay patuloy na maging abeylabol para sa iba pang mga uri ng mga proyekto na hindi kwalipikado para sa mga in-person na serbisyo.

“Kami ay masaya at nasasabik na magsimulang magtrabahong muli nang direkta sa mga kustomer habang nagsisimula kaming bumalik sa mas normal na operasyon,” sabi ng Direktor ng Departamento na si Oscar Orci. “Ang mga pagsasaayos sa aming mga digital na sistema at iba pang mga pagbabago na aming ginawa at patuloy na ginagawa para sa mga serbisyo mula sa paunang pagsumite hanggang sa planong mga pag-tsek upang pahintulutan ang pagpapalabas ay makakatulong sa amin na mapanatili ang aming pangako na bumuo ng isang mas mahusay na Long Beach.”

Ang Long Beach ay gumawa ng isang bilang ng mga hakbang upang mapagbuti ang pagpapahintulot sa mga oras ng pagtugon kabilang ang pagbubukas muli ng Permit Center na may mga backlog sa kahilingan para sa mga menor na proyekto ay mabilis nang nababawasan. Higit pang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap na ito at para sa mga karagdagang mga abeylabol na mga oras sa pagtugon here.

Tungkol sa mga Serbisyo sa Pag-unlad ng Long Beach

Ang paglilingkod sa mga residente, negosyo, at sa pamayanan sa pangkalahatan, ang Departamento ng Long Beach Development Services ay nagtatakda ng pamantayan para sa dekalidad, makabagong pagpaplano sa lungsod at pamumuhay na makakalikha ng mga progresibo at napapanatiling mga pamayanan sa Lungsod. Para sa mga

karagdagang impormasyon, bisitahin longbeach.gov/lbds. Sudnan kami sa sosyal midia para sa makabagong mga balita: Facebook, Twitter and Instagram.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, nagwagi ng maraming mga premyo ay ang makabagong Lungsod ng Long Beach na nag--aalok ng lahat ng mga amenities na katulad ng isang malaking lungsod habanag pinapanatili ang isang malakas na may katuturan ng indibidwal at magkakaibang kaptibahayan na nagtatampok ng magkasama sa baybayin ng California. Bilang isang may serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of The Pacific, maraming mga museo at sinehan, mga distrito ng mga lubhang mataas na estado na mga paaralan, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding respetadong mga unibersidad at kolehiyo, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf courses, 171 daang parke, milya-milyang dalampasigan, marinas, at mga daanan ng bisikleta.

Para sa mga impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bisitahin longbeach.gov. Sundan kami sa sosyal midia para makasunod sa mga makabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube.

###